Mensahe Siyam

## Hindi Pagkakaroon ng mga Anak ni Israel ng Hari at Paggawa ng Bawa't Isa ng Kung Ano ang Matuwid sa Kanyang Sariling Paningin

Babasahin sa Kasulatan: Huk. 2:10-18; 3:7-15; 8:33-35; 10:6-7; 13:1; 17:5-6; 18:1, 30-31; 19:1; 21:25

**I. Sa kanilang pagkababa, ang Israel ay naging magulo sa pamahalaan, pagsamba, at moralidad—Huk. 3:7-15; 8:33-35; 13:1; 17:5-6; 18:30-31:**

A. Matapos angkinin ng mga anak ni Israel ang lupain bilang kanilang mana, hindi nila sinunod ang utos ng Diyos na lubusang itaboy at wasakin ang pitong lipi na nananahan sa Canaan—1:27-36.

B. Bilang resulta, naglingkod ang mga anak ni Israel sa kanilang mga diyos, kaya gumagawa ng masama sa paningin ng Panginoon—2:10-18.

C. Tinalikuran ng mga anak ni Israel ang Panginoong Diyos ng kanilang mga magulang, na naglabas sa kanila mula sa lupain ng Ehipto, at sumunod sila sa mga diyos ng mga taong nakapalibot sa kanila; yumukod sila sa mga ito at ginalit si Jehovah—10:6-7.

D. Ibinigay sila ng Diyos sa mga kamay ng mga mananamsam, at ipinagbili Niya sila sa mga kamay ng kanilang mga kaaway upang hindi na sila makatayo; saanman sila pumunta, ang kamay ng Panginoon ay laban sa kanila sa ikasasama nila—2:11-15.

E. Ang kapanahunan ng mga hukom ay maituturing na pinakamadilim na panahon sa kasaysayan ng Israel; ito rin ay isang panahon ng trahedya.

F. Sa panahong iyon, sa gitna ng mga anak ni Israel ay may mga pagrerebelde laban sa Diyos, pagsamba sa diyos-diyosan (kap. 17—18), labanan sa pagitan nila (kap. 9), alitan at hidwaan sa gitna ng mga lipi (kap. 20—21), pakikiapid (kap. 19), karumihan, mga malupit na pagpatay, at lahat ng uri ng masasamang gawain.

**II. "Sa mga araw na iyon ay walang hari sa Israel; ginawa ng bawa't isa kung ano ang matuwid sa kanyang sariling paningin"—21:25:**

A. Nang sinabi ng bayan ng Israel na walang hari sa gitna nila, nangahulugan ito na kanilang iwinalang saysay ang Diyos at ang Kanyang katayuan at hindi kinilala ang pagkahari ng Diyos—17:6; 18:1; 19:1.

B. Bagaman ang tabernakulo ng Diyos ay nasa Shilo at taglay ng mataas na saserdote ang Urim at Tummim, walang pamahalaan, walang administrasyon, sa Israel sapagkat iwinalang saysay ng Israel ang Diyos at ang Kanyang katayuan bilang kanilang Hari, kung kaya, walang kahayagan ang Diyos sa Mga Hukom—18:31; Exo. 28:30, talababa 1.

C. Dahil walang hari sa Israel sa panahon ng mga hukom, ginawa ng mga anak ni Israel kung ano ang matuwid sa kanilang sariling paningin, at bilang resulta sila ay nabulok at napasama—Huk. 17:6; 18:1; 19:1; 21:25:

1. Sinabihan ni Moses ang bayan ng Israel na pagpasok nila sa mabuting lupain, hindi nila dapat gawin ang mga bagay na matuwid sa kanilang sariling paningin subalit hindi matuwid sa paningin ng Diyos—Deut. 12:8-14.
2. Sinanhi ni Satanas ang bayan ng Israel na gawin kung ano ang matuwid sa kanilang sariling paningin, na maging lapastangan at walang Diyos, at na iwaksi ang pamimigil ng Diyos; ito ay inihayag sa Mga Hukom 17—18; 19:1; at 21:25.

3. Madalas sabihin ng mga Kristiyano ngayon na sa kanila ang ilang bagay ay tama o mali; ang mamuhay sa ganitong paraan ay ang gawin kung ano ang matuwid sa kanilang sariling paningin.
4. Nakapangingilabot para sa atin na gawin kung ano ang matuwid sa ating sariling paningin; dapat nating gawin kung ano ang matuwid sa paningin ng Diyos—Deut. 12:8.

D. Nang walang hari sa Israel, walang awtoridad noon, at ginawa na lamang ng bayan kung ano ang nakalulugod sa kanila; ganitong-ganito ang katayuan ng mga bagay sa kasalukuyang masamang kapanahunan, kapwa sa sanlibutan at sa Kristiyanidad bilang isang relihiyosong sistema—Efe. 2:2, 12.

E. Sa pagbabawi ng Panginoon, kailangan nating maligtas mula sa katiwaliang inilarawan sa Mga Hukom at mamuhay sa ilalim ng pamumuno ng Diyos sa kaharian ng Diyos at gawin ang kalooban ng Diyos—Tito 2:14; Gal. 1:4; Mat. 6:10.

**III. Ang Diyos ay ang Hari ng mga kapanahunan, ang Isa na mayroong lubusang awtoridad sa kawalang-hanggan, na hindi kailanman nagbabago—1 Tim. 1:17:**

A. Ang Diyos na ating sinasampalatayanan at pinaglilingkuran at ipinamamahagi sa loob natin ay ang Hari ng mga kapanahunan, ang Hari ng kawalang-hanggan—b. 17; 2 Cor. 13:14.

B. Si Kristo ay isinilang upang maging Hari, isang Pinuno na magpapastol sa bayan ng Diyos, at Siya ngayon ang Hari ng mga hari at ang Panginoon ng mga panginoon—Mat. 2:2, 6; Apoc. 19:16; 17:14:

1. Bilang Hari, si Kristo ay si Jehovah na Diyos, at Siya rin ay isang tao—Awit 24:8, 10.
2. Kailangan nating matanto na si Kristo ang ating Hari na naghahari sa ating mga puso at kilalanin ang pagkahari ni Kristo sa mga ekklesia-lokal, kung saan tayo ay namumuhay sa ilalim ng Kanyang pagkahari—Efe. 3:17; 1 Tim. 3:15; 6:15.
3. Si Kristo ay darating bilang Hari ng kaluwalhatian—si Jehovah ng mga hukbo, ang napasukdol na Tres-unong Diyos na naisakatawan sa matagumpay at darating na Kristo, na maghahari sa walang hanggang kaharian ng Diyos—Awit 24:7-10.
4. Ang pamumuno ni Kristo sa trono ni David sa Kanyang kaharian ay sa sanlibong taon muna at pagkatapos ay sa bagong langit at bagong lupa sa kawalang-hanggan—Isa. 9:7; Luc. 1:33, talababa 1.
5. "Kung magkagayo'y matatatag ang isang trono sa mapagmahal na kabaitan, / At may Isang uupo roon sa katotohanan / Sa tolda ni David"—Isa. 16:5:
   a. Ang paghahari ni Kristo sa tolda ni David ay sumasagisag sa pag-aaliw, pagpapalakas ng loob, at pagpapanumbalik .
   b. Ang trono ni Kristo ay itatatag sa mapagmahal na kabaitan, magiliw na pagmamahal, at Siya ay uupo sa Kanyang trono sa katotohanan, yaon ay, sa katotohanan at katapatan—b. 5.
   c. Kung hahayaan natin si Kristo na maghari sa loob natin, dinadala ang kaharian na may mapagmahal na kabaitan, katotohanan, katapatan, katarungan, at katuwiran, tayo ay magiging katulad Niya sa mga kagalingang ito—b. 5.

**IV. Kailangan nating maligtas mula sa katiwalian at mula sa pagiging manggagawa ng katiwalian at gawin kung ano ang matuwid sa paningin ng Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa prinsipyo ng paglilingkod sa Diyos—Tito 2:14; Mat. 7:21-23:**

A. Ang gawin kung ano ang matuwid sa ating sariling paningin ay katiwalian —Huk. 21:25:
   1. "Ang kasalanan ay katiwalian"; kaya, ang katiwalian ay kasalanan, o, bilang tumbasan, ang kasalanan ay katiwalian—1 Juan 3:4:
      a. Sa 1 Juan 3:4, ang " katiwalian," o pagiging walang batas, ay nagpapahiwatig ng pagiging wala, o hindi nakapailalim, sa prinsipyo ng pamumuno ng Diyos sa tao.
      b. Ang magkasala ay ang maging walang batas, ang lumabag sa batas.
      c. Sa mga mata ng Diyos, nagkakasala ang isang tao kapag kumikilos siya ayon sa kanyang sariling kalikasan at pagsasaalang-alang, lumalakad ayon sa sariling kalooban at nagrerebelde laban sa awtoridad ng Diyos.
      d. Ang katiwalian ay ang hindi pagkilala at pagpapasakop sa awtoridad ng Diyos.
      e. Ang magsagawa ng katiwalian ay ang mamuhay ng isang buhay sa labas ng at hindi nagpapasailalim sa namumunong prinsipyo ng Diyos sa tao; ang kasalukuyang kapanahunan ay punô ng katiwalian at pagrerebelde .
      f. Sa katiwalian ang isang tao ay hindi lamang nagrerebelde laban sa awtoridad bagkus kumikilos na parang walang batas.
   2. Upang mapadalisay sa Kanyang sarili ang isang partikular na bayan bilang Kanyang natatanging pag-aari, ibinigay ni Kristo ang Kanyang sarili para sa atin upang tubusin tayo mula sa lahat ng katiwalian —Tito 2:14.

B. "Hindi lahat ng nagsasabi sa Akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng kalangitan, kundi ang gumagawa ng kalooban ng Aking Ama na nasa kalangitan"—Mat. 7:21:
   1. Ang tumawag sa Panginoon ay sapat na upang tayo ay maligtas, subalit upang makapasok sa kaharian ng kalangitan, kailangan din nating gawin ang kalooban ng makalangit na Ama—Roma 10:13; 12:2; Mat. 12:50; Efe. 5:17; Col. 1:9.
   2. Yamang ang pagpasok sa kaharian ng kalangitan ay humihiling na gawin ang kalooban ng makalangit na Ama, malinaw na ito ay iba sa pagpasok sa kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng pagkasilang na muli—Juan 3:3, 5:
      a. Ang pagpasok sa kaharian ng Diyos ay natatamo sa pamamagitan ng pagiging naisilang ng dibinong buhay—1:12-13; 3:5-6.
      b. Ang pagpasok sa kaharian ng kalangitan ay natatamo sa pamamagitan ng pamumuhay ng dibinong buhay—Mat. 7:21; 12:50.

C. Pinagwikaan ng Panginoong Hesus ang mga nagpropesiya, nagpalayas ng mga demonyo, at gumawa ng mga gawa ng kapangyarihan sa Kanyang pangalan sapagkat, bilang mga "manggagawa ng katiwalian," ginawa nila ang mga bagay na ito mula sa kanilang sarili, hindi mula sa pagsunod sa kalooban ng Diyos—7:23:
   1. May dalawang prinsipyo sa sansinukob—ang prinsipyo ng awtoridad ng Diyos at ang prinsipyo ng pagrerebelde ni Satanas—Gawa 1:7; Isa. 14:13-14:
      a. Hindi natin mapaglilingkuran ang Diyos sa isang banda at kukunin ang daan ng pagrerebelde sa kabilang banda; dapat tayong lumayo sa prinsipyo ng katiwalian at tanggihan ang daan ng pagrerebelde —Mat. 28:18; Jud. 11.
      b. Ang paglilingkod sa Diyos ay direktang nakaugnay sa Kanyang awtoridad; kung hindi natin pinagpapasyahan ang bagay ng awtoridad, magkakaroon tayo ng mga suliranin sa lahat ng lugar ng ating paglilingkod.
   2. Ipreserba nawa ng Panginoon ang ating paglilingkod sa prinsipyo ng pagpapasakop sa awtoridad ng Diyos at sa kalooban ng Ama—Gawa 1:7; Mat. 7:21; 12:50.

**V. Ang kaguluhan sa pamahalaan, pagsamba, at moralidad na nakatalâ sa aklat ng Mga Hukom ay naglalarawan ng makasatanas na kaguluhan sa lumang nilikha—Gen. 3:1-5; Apoc. 20:10—21:4:**

A. Ang sansinukob ay nasa isang kalagayan ng kaguluhan; ang kaguluhang ito ay ang pinagmumulan ng pagdurusa sa sanlibutan ngayon, at hangga't may kaguluhan sa nilikha, magkakaroon ng mga pagdurusa sa sanlibutan—Roma 8:18-22.

B. Ang kasaysayan ng sansinukob ay isang kasaysayan ng ekonomiya ng Diyos at ng kaguluhan ni Satanas—Gen. 1:1-2, 26; Apoc. 20:10—21:4:

1. Si Satanas, ang diyablo, ay ang pinagmumulan at elemento ng masamang kaguluhan—Mat. 16:23; Apoc. 2:9-10; 2 Cor. 2:11; 1 Ped. 5:8.
2. Ang Diyos Mismo ay ang dibinong ekonomiya, at Siya ay pumasok sa atin bilang isang administrasyon, pagsasaayos, at plano upang ilagay ang lahat ng bagay sa kaayusan—Efe. 1:10; 3:10.
3. Sa Biblia at sa ating karanasan, ang makasatanas na kaguluhan ay laging kasa-kasama ng dibinong ekonomiya at sa katunayan ay tinutulungan ang ekonomiya ng Diyos—b. 9.

C. Bilang yaong mga namumuhay sa gitna ng kaguluhan, pagrerebelde, at katiwalian, kailangan nating magkaroon ng isang malinaw na pangitain ng ekonomiya ng Diyos—Awit 2:1-6; Kaw. 29:18a; Efe. 3:9:

1. Kailangan nating mapamahalaan, makontrol, at magabayan ng pangitaing ito—Gawa 26:19.
2. Dapat tayong maging malakas at di-natitinag sa pangitain ng ekonomiya ng Diyos, ang walang hanggang kalooban ng Diyos—Efe. 1:10; 3:9; Apoc. 4:11; 1 Cor. 15:58; Heb. 12:28.

D. Pinananagumpayan ng mga mandaraig ang makasatanas na kaguluhan sa lumang nilikha at isinasagawa ang dibinong ekonomiya para sa bagong nilikha—1 Tim. 1:4; Efe. 1:10; 3:9-10; 2 Cor. 5:17; Gal. 6:15:

1. Hindi inililigtas ang mga mandaraig palabas sa makasatanas na kaguluhan; sa halip, pinananagumpayan nila ang mapanirang makasatanas na kaguluhan at nagtatagumpay sa nagtatayong dibinong ekonomiya—1 Tim. 1:3-4, 19-20; 4:1-2; Tito 3:10; 2 Tim. 1:15; 4:8.
2. Habang ang mga mandaraig ay nagdurusa ng mga kaguluhan, sila ay "napalalakas sa biyayang na kay Kristo Hesus" (2:1) at nagagawang tumayo para sa at ipinamumuhay ang dibinong ekonomiya—1:10-15; 3:14-17; 4:2, 5, 7, 18.

*© 2021 Living Stream Ministry*